

# KODIGO NG ASAL

Iginagalang ng Puma ang Karapatang Pang-tao: . Binibigyang kahulugan ng pagrespeto na ito ang aming pakikitungo sa mga lipunan kung saan kami ay nangangalakal, kasama ang aming mga kasosyo sa buong kadena ng panustos sa pangangalakal.

Iginagalang ng PUMA ang kapaligiran. Kami ay determinado na pangasiwaan, bawasan at iulat ang epekto sa kapaligiran na kapwa dulot ng aming organisasyon at ng aming kadena ng panustos sa pangangalakal.

## RELASYON SA TRABAHO

Ang mga tagabenta kasama ang kanilang subkontraktor ay dapat umangkop at sumunod sa mga alituntunin at kondisyon sa trabaho bilang paggalang sa mga manggagawa at, sa pinakamababa, pangalagaan ang kanilang karapatan sa ilalim ng nasyonal at internasyonal na mga batas at regulasyon sa paggawa at pasesguruhang panlipunang.

## WALANG BATA SA PAGGAWA

Ang mga tagabenta kasama ang kanilang subkontraktor ay hindi maaring mag-empleyo ng sinuman na wala pang 15 taong gulang, o ang lokal na legal na pinakamababang edad, o ang edad sa pagtatapos ng sapilitang edukasyon, alinman sa tatlo ang mas mataas

## LIGTAS NA KAPALIGIRAN SA TRABAHO

Ang mga tagabenta kasama ang kanilang subkontraktor ay kinakailangang maglaan ng isang ligtas at malinis na kapaligiran sa trabaho para sa lahat ng mga empleyado. Ang mga tagabenta at kanilang mga subkontraktor ay kinakailangang isagawa ang lahat ng posibleng pag-iingat upang iwasan ang mga aksidente sa lugar ng trabaho, at dapat na aktibong itaguyod ang mga mabuting kagawian sa kalusugan at kaligtasan sa pagtatrabaho.

## KALAYAAN SA PAGBUBUO NG SAMAHAN AT

### KOLEKTIBONG PAKIKIPAGTAWARAN

Ang mga tagabenta kasama ang kanilang subkontraktor ay dapat igarantiya ang karapatan ng kanilang mga empleyado na sumali sa mga unyon, o ibang samahan na may kaugnayan sa trabaho o industriya, at sa kolektibong pakikipagtawaran. Ang mga karapatang ito ay dapat igawad nang walang takot ng panggigipit, pakikialam o pagganti.

## WALANG DISKRIMINASYON

Ang mga tagabenta kasama ang kanilang subkontraktor ay hindi pinairal ang diskriminasyon laban sa sinuman sa kanilang mga empleyado. Ang mga empleyado ay tinatrato nang may paggalang at pagkapantay-pantay na walang anoman sa relihiyon, edad, kasarian, pagbubuntis, katayuang sibil, kapansanan, nasyonalidad, lahi, etnikong pinagmulan, mga pulitikal na pananaw o seksuwal na paniniwala.

## MGA KASANAYAN SA ETIKAL NA NEGOSYO

Ang PUMA SE ay hindi kukusintihin ang katiwalian alinman ay hindi sa kadena ng panustos sa pangangalakal ni sa kanilang sariling operasyon ng pangangalakal.

Ang dalawang paninindigan na ito ay isinasapubliko at nahahayag sa Kodigo ng Asal ng PUMA.

Lahat ng aming mga Empleyado, Tagabenta at kanilang mga subkontraktor ay kinakailangang sumunod nang lubos ayon sa Kodigo ng Asal na ito. Kung lilitaw ang mga pagkakaiba o pagsasalungatan, masusunod ang pinakamataas na pamantayan.

## DANGAL AT PAGGALANG

Ang panggigipit, pananakit sa katawan, pisikal, seksuwal, sikolohikal o berbal na pang-aabuso ay hindi pinapairal sa kadena ng panustos sa pangangalakal ng PUMA. Ang mga tagabenta at kanilang mga subkontraktor ay hindi maaaring gumamit ng anumang anyo ng sapilitang pagtatrabaho kasama ng pagtatrabaho ng mga preso, pagtatrabaho na may kasunduan ng paninibilhan o pagtatrabaho kagaya ng alpin.

## PATAS NA BAYAD

Bawat manggagawa ay may karapatan sa kabayaran para sa isang regular na linggo ng trabaho na sapat na tumutugon sa mga pangunahing pangangailangan ng manggagawa at nagbibigay ng karagdagang kita para sa ibang pangangailangan. Ang mga pagawaan ay dapat magbayad ng hindi bababa sa pinakamababang sahod o ang angkop na umiiral na sahod, alinman ang mas mataas, sumunod sa lahat ng legal na pantunutan sa sahod, at magbigay ng anumang iba pang benepisyo na ipinapasunod ng batas o kontrata.

Kung saan hindi natutugunan ng sahod ang mga pangunahing pangangailangan ng mga manggagawa at magbigay ng karagdagang kita para sa ibang pangangailangan, ang bawat pagawaan ay nararapat na makipag-ugnayan sa kanilang naaayong stakeholder upang gumawa ng mga angkop na aksiyon na nagsisikap na progresibong maabot ang isang antas ng kabayaran na nakatutugon isinaad na pangangailangan.

## WALANG LABIS NA MGA ORAS NG PAGTATRABAHO

Ang mga empleyado ng tagabenta kasama ang kanilang subkontraktor ay hindi dapat obligahin na magtatrabaho nang labis sa regular na linggo ng trabaho at pinakamataas na obertaym na pinapayagan ng lokal na batas ng paggawa. Hindi dapat lumampas ang isang regular na linggo ng trabaho sa 48 oras at dapat igarantiya ang isang araw na pahinga sa bawat pitong araw na trabaho.

Maliban sa mga hindi pangkaraniwang pagkakataon, ang kabuuan ng mga oras na regular at obertaym sa isang linggo ay hindi dapat lumampas sa 60 oras. Ang obertaym ay dapat boluntaryo at babayaran sa premyum na antas at hindi hinihiling sa regular na batayan.

## IGALANG ANG KAPALIGIRAN

Ang mga tagabenta kasama ang kanilang subkontraktor ay dapat igalang ang lokal na batas sa nangangalaga sa kapaligiran o internasyonal na pamantayan sa industriya, alinman ang mas mataas.

Ang mga tagabenta kasama ang kanilang subkontraktor ay dapat sukatin at progresibong bawasan ang kanilang epekto sa kapaligiran.

| REHIYON                            | TELEPONO                            | MGA WIKA  |
|------------------------------------|-------------------------------------|---|
| Timog Silangang Asya               | +84 989385612<br>+628 11 227 2143   |  |
| Timog Asya                         | +880 1708469256                     |  |
| Silangang Asya                     | +86 13622884924                     |  |
| Ang mga Amerika                    | +503 77871132                       |  |
| Europa, Gitnang Silangan at Aprika | +49 15114743876<br>+90 532 483 6685 |  |

Ang mga tagabenta kasama ang kanilang subkontraktor ay tinatanggap na ang kanilang mga kagawian sa negosyo ay sasailalim sa pagsusuri. Ang mga subkontraktor ay dapat may pahintulot ng PUMA at responsibilidad ng mga tagabenta na tiyaking ang Kodigo ng Asal na ito ay iginagalang ng kanilang mga subkontraktor.

Inilalaan ng PUMA SE ang karapatan na itigil ang pakikipagnegosyo sa anumang kompanya na nalamang lumalabag sa Kodigo ng Asal na ito.

Mangyari po lamang na ipaabot ang lahat ng mga tanong, reklamo at mungkahi na may kinalaman sa kodigong ito at sa pagsasakatuparan nito sa [sustain@puma.com](mailto:sustain@puma.com) o makipag-ugnayan sa inyong lokal na PUMA Sustainability Team.